CALIFORNIA DEPARTMENT OF EDUCATION

CELDT Test Results Interpretation Guide for Grades Two through Twelve (August 2011)

T10-334 Tagalog, Arial Font

[NOTE TO LOCAL EDUCATIONAL AGENCIES (LEAS): As a form of assistance to LEAs, the California Department of Education (CDE) offers this translation free of charge. Because there can be variations in translation, the CDE recommends that LEAs confer with local translators to determine any need for additions or modifications, including the addition of local contact information or local data, or modifications in language to suit the needs of specific language groups in the local community. If you have comments or questions regarding the translation, please e-mail the Clearinghouse for Multilingual Documents (CMD) at cmd@cde.ca.gov.]

DELETE THIS COVER PAGE BEFORE USING THE TRANSLATION WHICH FOLLOWS BELOW.

Pagsusulit sa Pagpapaunlad sa Wikang Ingles ng California

2011−12 EDISYON GABAY SA PAGSASALIN NG RESULTA NG MGA PAGSUSULIT PARA SA MGA BAITANG DALAWA HANGGANG LABINDALAWA

Ang gabay na ito ay idinisenyo upang tulungan ang mga magulang na maintindihan ang impormasyong nilalaman ng *Pagsusulit sa Pagpapaunlad ng Wikang Ingles ng California (CELDT) Ulat ng Antas ng Pagganap ng Estudyante.*

Layunin ng Pagsusulit

Inaatas ng batas ng estado (Mga seksyon 313 at 60810 ng Kodigo ng *Edukasyon*) at pederal na batas pederal (Titulo III ng Batas ng Elementarya at Sekundaryang Edukasyon) na ang mga distrito ng paaralan ay magsagawa ng pagsusulit ng estado sa kahusayan sa wikang Ingles sa mga (1) bagong nagpatalang estudyante na ang pangunahing wika ay hindi Ingles at (2) mga estudyante na nag-aaral ng Ingles. Para sa mga estudyante sa mga pampublikong paaralan sa California, ang pagsusulit na ito ay ang CELDT. Ang CELDT ay may tatlong layunin:

- Upang makilala ang mga estudyante na na may limitadong kahusayan sa wikang Ingles (hindi ganap na mahusay magsalita ng Ingles)
- Upang malaman ang antas ng kahusayan sa wikang Ingles ng mga estudyanteng limitado ang kahusayan sa Ingles
- Upang matasa ang pag-unlad ng mga estudyanteng may limitadong kahusayan sa Ingles sa pagkakamit ng mga kakayahan sa pakikinig, pagbabasa, pagsasalita at pagsusulat sa Ingles

Pormat ng Pagsusulit

Ang CELDT at batay sa mga pamantayang maaring makuha sa Pagpapaunlad sa Wikang Ingles ng California sa Web site ng Kagawaran ng Edukasyon ng California (CDE) sa wikang Ingles sa http://www.cde.ca.gov/be/st/ss/documents/englangdevstnd.pdf at sa Espanyol sa http://www.cde.ca.gov/be/st/ss/documents/eldspan.pdf.

Sinusukat ng CELDT ang kasanayan ng estudyante sa wikang Ingles sa mga sumusunod na larangan: Pakikinig, Pagsasalita, Pagbabasa, at Pagsusulat.

Ang larangang **Pakikinig** ay sumusukat kung gaano kahusay makaintindi ang mga estudyante sa impormasyong narinig sa Ingles. Ang mga estudyante ay inaatasang sumunod sa mga salitang tagubilin at magpakita ng pagkaintindi sa impormasyon at mga kuwento na binasa ng tagapagsuri. Sa kindergarten hanggang ikalawang baitang, ang mga estudyante ay pinabibigkas din ng mga katagang may parehong tunog sa mga katagang ibinigay ng tagapagsuri.

Ang larangang **Pagsasalita** ay sumusukat kung gaano kahusay maipalabas sa pananalita ng mga estudyante ang kanilang mga kaisipan at sumagot sa mga tanong sa wikang Ingles. Ang mga estudyante ay inaatasang magngalan ng mga bagay at ang pinaggagamitan ng mga ito, sumagot sa pamamagitan ng pananalita sa mga tanong, at magkuwento batay sa mga larawan.

Ang larangang **Pagbabasa** ay sumusukat kung gaano kahusay na nakakabasa sa Ingles ang mga estudyante. Sa kindergarten at unang baitang (K–1), ang mga estudyante ay inaatasang pangalanan ang mga bahagi ng isang libro, pangalanan ang mga letra at kanilang mga tunog, at bumasa ng mga simpleng kataga at mga pangungusap. Sa baitang dalawa hanggang labindalawa (2–12), ang mga

estudyante ay inaatasang pumili ng mga kataga upang makakumpleto ng mga pangungusap, magpakita ng kaalaman na angkop-sa-baitang na bokabularyo at mga patakaran ng pagbuo ng kataga, at magpakita ng pagkakaintindi sa binabasa.

Ang larangang **Pagsusulat** ay sumusukat kung gaano kahusay sumulat sa Ingles ang mga estudyante. Sa K–1, ang mga estudyante ay pinakokopya ng mga letra at mga kataga, pinasusulat ng mga simpleng kataga batay sa kuwentong binasa ng tagapagsuri, at inaatasang magngalan ng pangunahing bantas at pangulong letra na kailangan sa isang maikling pangungusap. Sa baitang 2–12, ang mga estudyante ay inaatasang magpamalas ng kaalaman sa balarila, sumulat ng mga pangungusap at sumulat ng isang maikling komposisyon. Ang mga halimbawa ng mga pagsusulit na tanong ng CELDT (sa Ingles) ay matatagpuan sa *Pinalabas na mgaTanong sa Pagsusulit* na makukuha sa Web site ng CDE sa http://www.cde.ca.gov/ta/tg/el/documents/celdtrtqs0408.pdf

Pagsasalin sa *Ulat ng Antas ng Pagganap ng Estudyante*

Ang nasa ibaba ay isang halimbawa ng *Ulat ng Antas ng Pagganap ng Estudyante ng CELDT*. Tinutukoy dito ang marka ng estudyante at antas ng pagganap sa bawat larangan at Kabuuan. Para sa K–1, ang Kabuuang marka ay kinakalkula bilang 45% Pakikinig, 45% Pagsasalita, 5% Pagbabasa, at 5% Pagsusulat. Para sa mga baitang 2–12, ang Kabuuang marka ay ang karaniwan para sa lahat ng mga marka ng apat na larangan. Ang bawat marka ng larangan at ang Kabuuang marka ay inuuri sa isa sa limang antas ng pagganap: Nagsisimula, Maagang Panggitna, Panggitna, Maagang Nakakataas, at Nakakataas. Ang mga pagsasalarawan ng mga antas ng Kabuuang pagganap ay nakalakip. Kabilang dito, ang isang marka ng pagkakaunawa (ang karaniwan ng mga marka sa larangan ng Pakikinig at Pagbabasa) ay ibinibigay.



Alamat:

A: Pangalan ng estudyante (apelyido, unang pangalan) at direksiyong pangkoreo ng magulang/tagapangalaga
B: Pangalan at baitang ng estudyante
C: Layunin ng pagsusulit at petsa ng pagsusulit
D: Petsa ng kapanganakan, pangunahing wika at pang-estado at lokal na numero ng ID ng estudyante
E: Paaralan at distrito kung saan kinuha ang pagsusulit
F. Kabuuan at ang mga tinasang larangan, bawat isa na may lawak ng mga posibleng marka
G. Mga antas sa pagganap (Nakakataas, Maagang Nakakataas, Panggitna, Maagang Panggitna at Nagsisimula)
H: Mga pamantayan at mga lawak ng marka na nagpapakita ng antas ng pagganap ng estudyante para sa bawat larangan at Kabuuan
I: Marka ng Pagkakaintindi
J: Paano Basahin ang Ulat na Ito

Sa *Ulat ng Antas ng Pagganap ng Estudyante*, ang taas ng mga pamantayan ay kumakatawan sa pagganap ng estudyante. Ang unang pamantayan ay nagpapakita ng Kabuuang antas ng pagganap, at ang ibang mga pamantayan ay kumakatawan sa antas ng pagganap para sa bawat larangan.

Ang mga marka ng CELDT ay tumutulong sa paaralan na malaman ang mga uri ng pagtuturo sa silid-aralan na dapat matanggap ng estudyante. Gagamitin din ng paaralan ang mga marka mula sa ibang mga pagsusulit, pagtatasa ng guro at pagsangguni sa mga magulang upang gawin ang mga pasiyang iyon. Upang sumulong sa CELDT, dapat magsumikap ang estudyante na maisaulo ang lahat ng mga larangan. Ang impormasyon kung paano suportahan ang estudyante na makamit ang layuning ito ay maaaring makuha sa paaralan.

Kung ang isang pagbabago sa pagsusulit o alternatibong pagtatasa ay ginamit para sa isa o higit pang mga larangan, ang (mga) apektadong larangan ay tutukuyin sa pamamagitan ng isang asterisko (*), at ang ulat ay magkakaroon ng sumusunod na talababa:

> * Ang isang pagbabago sa pagsusulit o alternatibong pagtatasa ay ginamit sa pangangasiwa ng larangang ito. Ang mga pagbabago at alternatibong pagtatasa ay nagbabago sa nais na sukatin ng CELDT, kung kaya ang estudyante ay nakakatanggap ng pinakamababang maaring makamit na lawak ng marka (LOSS). Dahil sa ang LOSS ay nagpapababa sa Kabuuang marka, dapat mag-ingat sa pagsasalin ng mga resulta.

Kung may naganap na katiwalisan sa panahon ng pagsusulit, ang apektadong (mga) larangan ay tutukuyin sa pamamagitan ng isang simbolong “^” at ang ulat ay magkakaroon ng sumusunod na talababa:

> ^ May katiwalisan sa pagsusulit na naganap sa panahon ng pangangasiwa ng larangang ito. Ang higit pang impormasyon ay makukuha mula sa paaralan.

Ang Kabuuang Mga Pagsasalarawan ng Pagganap sa Pagsusulit ng CELDT, sa susunod na pahina, ay nagpapaliwanag kung ano ang karaniwang alam ng mga estudyante at magagawa sa Ingles sa bawat antas. Ang Pagsasalarawan ng Pagganap sa Pagsusulit para sa bawat larangan ay ibinibigay sa Ingles sa likuran ng *Ulat ng Antas ng Pagganap ng Estudyante*.

Higit Pang Impormasyon Tungkol sa CELDT

Ang higit pang impormasyon tungkol sa CELDT ay matatagpuan sa Web site ng CDE sa http://www.cde.ca.gov/ta/tg/el/.

Kabuuang Mga Pagsasalarawan ng Pagganap sa Pagsusulit ng CELDT
Mga Baitang Dalawa Hanggang Labindalawa

Nakakataas

Ang mga estudyante sa antas na ito ng pagganap sa wikang Ingles ay epektibong nakikipag-ugnayan sa iba't-ibang mga tagapakinig sa malawak na saklaw ng mga pamilyar at bagong paksa upang tugunan ang mga pangangailangang panlipunan at pag-aaral. Upang makamit ang antas ng kahusayan sa Ingles na katulad ng kanilang mga kasamahang katutubong nagsasalita ng Ingles, ang higit pang pagpapabuti at pagpipino sa wika ay kailangan. Nagagawa nilang makilala at maisabuod ang mga kongkretong detalye at mga pangkaisipang diwa sa panahon ng hindi binagong tagubilin sa lahat ng mga akademikong larangan. Ang mga nabibigkas at nakasulat na produksiyon ay nagpapahiwatig ng pagtalakay na angkop sa mga akademikong larangan.. Ang mga pagkakamali ay bibihira at hindi nakakabawas sa komunikasyon.

Maagang Nakakataas

Ang mga estudyante sa antas na ito ng pagganap sa wikang Ingles ay nagsisimulang makapagsama ng mga elemento ng wikang Ingles sa masalimuot, mahirap kilalaning mga kalagayan at nagagamit ang Ingles bilang paraan para matuto sa mga akademikong larangan. Nagagawa nilang makilala at maisabuod ang karamihan sa mga kongkretong detalye at pangkaisipang diwa sa panahon ng hindi nabagong pagtuturo sa karamihan sa mga akademikong larangan. Ang mga nabibigkas at nakasulat na produksiyon ay binubuo ng higit pang pinaliwanagang pagtalakay, at lubos na binuong mga talata at komposisyon. Ang mga mali ay bihira at madalang na nagpapahirap sa komunikasyon.

Panggitna

Ang mga estudyante sa antas na ito ng pagganap sa wikang Ingles ay nagsisimulang ipasadya ang wikang Ingles upang tugunan ang mga pangangailangan sa komunikasyon at pag-aaral ng may higit pang kawastuhan. Nagagawa nilang makilala at maintindihan ang higit pang kongkretong mga detalye at ilang malalaking pangkaisipang diwa sa panahon ng hindi binagong tagubilin.Mas madali silang nakakatugon sa higit pang magkakaibang komunikasyon at mga pangangailangan sa pag-aaral na may mas kaunting bilang ng mga mali. Ang mga nabibigkas at nakasulat na produksiyon kadalasan ay pinalawak na sa mga pangungusap, talata, at mga orihinal na pahayag at tanong. Ang mga kamalian ay nakakapagpahirap pa rin sa komunikasyon.

Maagang Panggitna

Ang mga estudyante sa antas na ito ng pagganap sa wikang Ingles ay patuloy na natututo sa mga kahusayan ng pagtanggap at pagpalabas. Nagagawa nilang makilala at maintindihan ang higit pang kongkretong mga detalye sa panahon ng hindi nabagong tagubilin. Maaring mas madali silang nakakatugon sa higit pang magkakaibang komunikasyon at mga pangangailangan sa pag-aaral na may mas kaunting mga mali. Ang mga nabibigkas at nakasulat na produksiyon ay karaniwang limitado sa mga parirala at isinaulong mga pahayag at mga tanong. Nakakabawas pa rin sa komunikasyon ang madalas na mga pagkakamali.

Nagsisimula

Ang mga estudyante sa antas na ito ng pagganap sa wikang Ingles ay maaaring magpamalas ng kaunti o walang pagkakaintindi o produktibong kahusayan sa Ingles. Nagsisimula silang makaintindi ng ilang kongkretong mga detalye sa panahon ng hindi binagong tagubilin. Maaari silang tumugon sa ilang mga pangangailangan ng komunikasyon at pag-aaral, ngunit may maraming mga pagkakamali. Ang nabibigkas at nakasulat na produksiyon ay karaniwang limitado sa mga hindi konektadong salita at isinaulong mga pahayag at mga tanong. Mahirap ang komunikasyon dahil sa madalas na mga pagkakamali.]T